## Tala: 1

Vasectomy(includes abstract) Carmack A; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052379

Abstract: Ang vasectomy ay isang operasyon upang tanggalin ang kakayahan ng lalaking magka-anak. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagbabara sa mga tubo kung saan karaniwang dumadaan ang semilya pagkagaling nila sa mga itlog ng bayag papunta sa ari. Ang mga tubong ito ay tinatawag na vas deferens sa kaliwa at kanan.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Vasectomy


ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[View English Version]

**Kahulugan**

Ang vasectomy ay isang operasyon upang tanggalin ang kakayahan ng lalaking magka-anak. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagbabara sa mga tubo kung saan karaniwang dumadaan ang semilya pagkagaling nila sa mga itlog ng bayag papunta sa ari. Ang mga tubong ito ay tinatawag na vas deferens sa kaliwa at kanan.

**Panlalaking Reproductive Anatomy**




*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

**Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan**

- Supot ng bayag
- Vas deferens

**Mga Dahilan para sa Proseso**

Ginagawa ang vasectomy bilang permanenteng pangkontrol sa pagbubuntis. Ito ay pagpipilian para sa mga lalaking siguradong ayaw na nilang maging ama. Hindi palaging maaari o tagumpay ang operasyon upang baliktarin ang proseso.

**Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso**

- Mga impeksiyong lokal
- Mga karamdamang pagdurugo

**Anong Maaasahan**

## Bago ang proseso

Malamang na gagawin ng iyong doktor ang mga sumusunod:

- Eksaminasyong pisikal
- Kasaysayang medikal
- Pagbabalik-aral ng mga gamot
- Pagtatalakay sa mga epekto ng prosesong ito

Sa mga araw palapit sa iyong proseso:

- Huwag uminom ng aspirin, mga gamot na may lamang aspirin, o mga gamot na walang steroid gaya ng ibuprofen nang isang linggo bago ang proseso. Talakayin ito sa iyong doktor bago ang iyong proseso.
- Ayusin ang sasakyan patungo at pauwi mula sa proseso.
- Sa gabi bago nito, kumain ng hindi masyadong nakakabusog na pagkain at huwag kumain o uminom ng anuman paglampas ng hatinggabi, maliban kung iba ang sinabi ng iyong doktor.
- Magsuot ng kumportableng damit at masikip na karsonsilyo.
- Inumin ang mga gamot ayon sa bilin ng iyong doktor. Maaaring irekomenda ang banayad na pampakalma bago ang proseso.
- Maligo bago umalis sa bahay.
- Maaaring hingin sa iyong gupitin ang buhok sa may supot ng bayag.

## Anesthesia


Local anesthesia

## Paglalarawan sa Proseso

Mayroong tatlong mga paraan para sa vasectomy:

- Karaniwang paraan—Gagawa ang doktor ng maliit na hiwa sa balat sa bawat tagiliran ng supot ng bayag. Ilalabas niya ang vas deferens sa pamamagitan ng bukasan. Puputulin ang tubo, at maaaring tanggalin ang maliit na piraso. Sinasarhan ang mga dulo gamit ang mga tahi, pang-ipit, o pagsusunog (gamit ang de-kuryenteng karayom upang sirain ang tissue). Inilalagay pabalik sa supot ng bayag ang vas deferens at isinasara ang hiwa gamit ang mga tahi.
- Walang-kutsilyong vasectomy—Hahanapin ng doktor ang vas deferens sa ilalim ng balat ng supot ng bayag at ikakabit ang pang-ipit upang hawakan ito sa puwesto. Gamit ang natatanging instrumento, tutusukin ng doktor ang balat at bibinatin ito pabukas upang hilahin palabas ang vas deferens. Pinuputol ang mga tubo at sinasarhan sa parehong pamamaraang ginagamit sa karaniwang paraan. Gumagaling ang mga butas nang walang mga tahi.
- Vas clip vasectomy—Hahanapin ng doktor ang vas deferens sa alinman sa mga paraang nabanggit sa itaas. Sa oras na mailabas ang vas deferens sa balat, inilalagay sa paligid ng vas deferens ang pinasadyang mga pang-ipit at hinihigpitan sa puwesto. Binabarahan nito ang daloy ng semilya nang lampas sa posisyon ng pang-ipit.

#### Karaniwang Paraan



© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

## Pagkatapos ng Proseso

Magpapahinga ka nang ilang sandali sa opisina ng doktor.

## Gaano Katagal Ito?

Ang karaniwang paraan ay nagtatagal nang mga 30 minuto. Ang mga prosesong hindi gumagamit ng kutsilyo ay nagtatagal nang mga 20 minuto.

## Masakit Ba?

Pinipigil ng anesthesia ang pananakit habang ginagawa ang proseso, ngunit asahan ang ilang pagkirot nang ilaw araw pagkatapos. Uminom ng gamot sa pananakit na ibinigay ng iyong doktor. Huwag uminom ng aspirin o mga gamot na pangontra sa pamamaga nang walang pahintulot ang iyong doktor.

## Mga Posibleng Kumplikasyon

- Impeksiyon
- Pamamaga
- Pagpapasa
- Pagdurugo
- Pamamaga
- Mga problemang kaugnay sa anesthesia
- Talamak na pananakit sa o sa paligid ng mga itlog ng bayag
- Sperm granuloma (mga bukol dahil sa tugon ng immune system sa pagtulo ng semilya mula sa mga reproductive organ)
- Namamaga, masakit na mga itlog ng bayag na nangyayari sa susunod na taon pagkatapos ng operasyon

- Patuloy na kakayahang magkaanak, o pagdurugtong muli ng mga dulo ng vas deferens na humahantong sa panibagong kakayahang magkaanak, maaaring humantong sa pagbubuntis ng katalik
- Mga usaping psychological kaugnay sa kakulangan ng kakayahang magkaanak

## Karaniwang Pananatili sa Ospital

Wala

## Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Salit-salitang paglalagay at pagtanggal sa mga pakete ng yelo, natatakpan ng tuwalya, sa unang walong oras.
- Magpahinga sa kama nang di-kukulangin sa isang araw at sa bahay nang dalawang araw.
- Maaari kang maligo sa susunod na araw.
- Magsuot ng pangsuportang gamit ng mga manlalaro (athletic supporter), kung inirekomenda ng iyong doktor.
- Panatilihing malinis at tuyo ang bahagi.
- Takpan ang mga hiwa gamit ang malinis na benda nang tatlong araw o ayon sa bilin ng iyong doktor.
- Ang kaunting dugo sa benda ay normal. Sabihan ang iyong doktor kung mayroon kang labis na pagdurugo o kailangang magpalit ng mga benda nang higit sa 2-3 beses araw-araw.
- Maaaring bigyan ka ng iyong doktor ng mga antibiotic nang ilang araw kasunod ng proseso.

**Resulta**

Karamihan ng mga lalaki ay nakakayang bumalik sa trabaho sa loob ng ilang araw. Maaari ring maramdaman nilang handa na sila sa pagkikipagtalik sa loob ng isang linggo. Maaaring magdulot ang pagpapalabas ng semilya ng ilang kawalan ng ginhawa sa singit at mga itlog ng bayag hanggang gumaling ang mga tissue. Huwag magbubuhat ng mga mabibigat na bagay o makilahok sa mga laro nang mga 2-3 linggo. Magkakaroon ka ng dalawang pagsusuri, 4-6 na linggo ang pagitan, upang tiyaking walang naroroong semilya. Hanggang makumpleto ang parehong mga pagsusuri, kakailanganin mong gumamit ng kahaliling paraang pangkontrol sa pagbubuntis nang mga 2-4 na buwan.

**Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod**

Pagkagaling sa ospital, tawagan ang inyong doktor kung magkakaroon ng alinman sa mga sumusunod:

- Mga sintomas ng impeksiyon, kasama na ang lagnat at labis na panlalamig
- Pamumula, pamamaga, tumitinding pananakit, labis na pagdurugo, o paglabas ng likido mula sa hiwa o sugat
- Kahirapan sa pag-ihi

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052379